8

# Araling Panlipunan 8

Ikatlong Markahan

Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto

(Learning Activity Sheets – LAS)

**Linggo 5-6**

## Kompetensi:

## Naipapaliwanag ang Kaugnayan ng Rebolusyong Pangkaisipan sa Rebolusyong Amerikano at Pranses


***Manunulat:***

Maureen C. Buasa

*SST-I*

Plaridel National High School

SDO – Dinagat Islands



GOVERNMENT PROPERTY

NOT FOR SALE



## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa **ika-8** na baitang upang maipalili-wanag ang kontribusyon ng kabihasnang Romano.


Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang mas madaling maunawaan ang daloy ng iyong pag-aaral.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

Aralin 3: PAGKAMULAT: Kaugnayan ng Rebolusyong Pangkaisipan sa Rebolusyong Pranses at Amerikano

Pagkatapos ng mga gawaing ito, inaasahang matutuhan ng mga mag-aaral ang mga su-musunod:

1. Nakapagpapaliwanag ang kaugnayan ng Rebolusyong Pangkaisipan sa Rebo-lusyong Amerikano at Pranses; at
2. Nakapaghahambing sa ibat-ibang rebolusyong pangkaisipan sa ibang bansa.



## *Paunang Pagtataya*

**PANUTO:** Suriin ang mga sumusunod na mga larawan na may kinalaman sa paksa at tukuyin kung ano ito. Piliin sa kahon ang tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Thomas Jefferson | Napoleon Bonaparte | George Washington | Baron de Montesquieu |
| Battle of Bunker Hill | Blood Compact | Boston Tea Party | |

1




3





2





Pa

4




sa

5



*aytem 6 hanggang 10. . .*

**PANUTO:** Piliin ang tamang titik na tumutukoy sa tumpak na kasagutan. Isulat sa sagutang papel ang iyong mga sagot.

_______ 6) Paano napasali ang United States sa pananakop ng mga lupain?

A. Nakipagdigmaan ang United States laban sa Spain at nagtagumpay ito sa pag sakop sa Guam, Puerto Rico, at Pilipinas, dahil dito nagtayo ng Pearl Harbor na basing pandagat ng UN sa Pacific.
B. May naganap nang magandang ugnayan sa mga bansa na nasakop ng mga kanluranin bago pa man naganap ang ikalawang yugto ng kolonisasyon.
C. Napasali ang UN dahil hindi lamang sila nagkainteres kundi kilalanin na maka pangyariahan sa buong mundo.
D. Lahat nang nabanggit.

_______ 7) Ang mga sumusunod ay paghahati ng kapangyarihan ng pamahalaan sa tatlong sangay na mas kinilala ang kaisipang balance of power ayon kay Montesquieu na ang ganitong uri ng pamahalaan ay magbibigay ng proteksiyon sa mamamayan laban sa pang-aabuso ng kapangyarihan ng pamahalaan Maliban sa isa:

A. Ehekutibo B. Hudikatura C. Lehislatura D. Monarkiya

_______ 8) Ang Pagbabagong pang-ekonomiya na unang naranasan sa England na gumamit ng mga makinarya kaya nagkaroon ng mabilisang produksiyon. Alin ang tamang konsepto ang tinutukoy?

A. Humanismo B. Industriyalisasyon C. Laissez faire D. Merkantilismo

_______ 9) Alin sa sumusunod ang pangunahing epekto ng Rebolusyong Pranses?

A. Pagtanggal ng sistemang piyudal.
B. Pagpirma ng “Deklarasyon ng karapatan ng Tao.”
C. Paglansag ng monarkiya at pagtatayo ng republika.
D. Paglawak ng ideyang kalayaan, pakakapantay-pantay, at pagkakapatiran.

_______ 10) Matagal nang may alitang politikal ang mga bansang France at England. Nang mag simula ang Rebolusyong Amerikano, nagpadala ng tulong military ang France sa United States na malaki ang naitulong sa pananagumpay ng huli. Batay dito, ano ang pinakaangkop na hinuha ang mabubuo?

A. Magkakampi ang France at United States.
B. Magkasabay na nilalabanan ng England ang United States at France.
C. Galit ang France sa ginawang pananakop ng England sa United States.
D. Ginamit na pagkakataon ng France ang Rebolusyong Amerikano upang mapa bagsak ang England.



## *Pag-aralan*

**PANUTO:** Basahin at pagnilayan ang teksto o impormasyon sa ibaba.

### REBOLUSYONG PANGKAISIPAN

Tumutukoy ang rebolusyon sa mabilisang pagbabago ng isang institusyon o lipunan. Madalas na nagdudulot ito ng pansamantalang kaguluhan lalo’t higit sa mga taong nasanay sa isang tahimik at konserbatibong pamumuhay. Marami ang nagmungkahi na gamitin ang pamamaraang ito upang mapaunlad ang buhay ng tao sa larangang pangkabuhayan, pampolitika, panrelihiyon at maging sa edukasyon.Tinawag itong Panahon ng Kaliwanagan *(Enlightenment).* Nakasentro ang ideyang ito sa paggamit ng ‘*reason* o katuwiran’ sa pagsagot sa suliraning panlipunan, pampulitikal at pang-ekonomiya.

GOVE
NOT F

*(pagpapatuloy …)*

**KAISIPANG POLITIKAL**

Umunlad ang Enlightenment o Rebolusyong Pangkaisipan sa ika-18 siglo (1700's).

- **Baron de Montesquieu** (MON tehs kyoo) - isa sa kinilalang pilosopo dahil sa kaniyang tahasang pagtuligsa sa absolutong monarkiyang nararanasan sa France ng panahong iyon.
    - mas kinilala ang kaniyang kaisipang *balance of power* na tumutukoy sa pagha-hati ng kapangyarihan ng pamahalaan sa tatlong sangay (ehekutibo, lehislatura at hudikatura).

**PHILOSOPHES**

Sa kalagitnaang bahagi ng ika-18 siglo, isang pangkat ng mga taong tinatawag na philosophes (FIHL-uh-SAHFS) ang nakilala sa Pransya. Pinaniniwalaan ng pangkat na ito na ang reason o katuwiran ay magagamit sa lahat ng aspeto ng buhay, tulad ni **Isaac Newton** na ginamit ang katuwiran sa agham.

- **Francois Marie Arouet** (mas kilala sa tawag na **Voltaire**) – bumatikos sa sa batas at kau-galian ng Pranses at maging sa relihiyong Kristiyanismo;
    - nakikipaglaban upang matamasa ang katuwiran, kalayaan sa pamamahayag at pagpili ng relihiyon, at *tolerance.*
- **Jean Jacques Rousseau** (roo-SOH) - kinilala dahil sa kahusayan sa pagsulat ng mga sanaysay na tumatalakay sa kahalagahan ng kalayaang pang-indibidwal (*individual free-dom*).
    - Binigyang-diin niya na ang kasamaan ng lipunan (*evils of the society*) ay mau-ugat sa hindi pantay na distribusyon ng yaman at labis na kagustuhan sa pagkamal nito.
    - Inihain niya ang paniniwala tungkol sa mabuting pamahalaan sa kaniyang aklat na *The Social Contract*.

**PAGPAPALAGANAP NG IDEYANG LIBERAL**

Pinalaganap ni **Denis Diderot** (dee DROH) ang ideya ng mga philosophe sa pamamagi-tan ng pagsulat at pagtipon ng 28-volume na *Encyclopedia* na tumalakay sa iba't ibang paksa. Nang ito (*Encyclopedia*) ay maisalin sa ibang wika, naipalaganap ang mga ideya ng *Enlighten-ment* o Rebolusyong Pangkaisipan hindi lamang sa kabuuan ng Europa kundi maging sa Amerika at kalaunan ay sa Asya at Africa.

**KAISIPANG PANG-EKONOMIYA**

Kinuwestiyon ang merkantilismo na matagal na namayani sa Europa at kinilala ang polisiyang *laissez faire*. *Binibigyang-diin sa kaisipang ito ang malayang daloy ng ekonomiya na hindi nararapat na pakialaman ang pamahalaan.* Taliwas ito sa nakagisnang merkantilismo na pinagbabatayan ng yaman ang dami ng ginto at pilak.

- **Francois Quesnay** - isa sa naniniwala sa doktrina ng malayang ekonomiya.
- **Adam Smith** - isang ekonomistang *British* na nagpanukala na ang *market* o pamilihan ay maaaring dumaloy nang maayos nang hindi pinakikialaman ng pamahalaan. . .
    - naniniwala na kailangan ang produksiyon upang kumita ang tao.

**IMPLUWENSIYA NG PAGKAMULAT NG PANGKAISIPAN**

Nagbigay ang 'pagkamulat-pangkaisipan' ng ideya at wika na siyang ginamit ng mga Pranses at Amerikano sa kanilang rebolusyon. Naging epektibo ang impluwensiya ng pagkamulat sa pagkakaroon ng mga tao ng karapatang makapili ng sariling pilosopiya. Higit ngang naging mapanuri ang tao at iba't ibang pananaw ang kanilang natutuhan sa panahong ito. Marami ang natutong magtanong sa mga kaugalian at tradisyong matagal na sinunod. Naging mapangahas ang ilan sa pagtuligsa sa estruktura ng lipunan samantalang ang iba ay nagnais na baguhin ang estrukturang ito. Nagbibigay-daan ito sa isapang uri ng rebolusyon: **Ang Rebolusyong Politikal.**

**PAGSUSURING PANTEKSTO**

Sa huling bahagi ng ika-18 siglo, ibang uri ng himagsikan ang lumaganap sa bahagi ng Atlantiko. Ito ay naimpluwensiyahan ng mga ideyang pinalaganap noong Panahon ng *Enlightenment*. Inilatag nito ang mga pagtatanong tungkol sa absolutong monarkiya at sa dominasyon ng Simbahan sa mga panlipunan at pampolitikang galaw ng mga tao. Ang ganitong kaisipan ay naging daan upang patalsikin ang tradisyunal na rehimen sa America at France.  Nagsimula ang digmaan noong 1775 sa pagitan ng 13 kolonya sa Timog America at Great Britain. Ito ang unang himagsikan na naghangad ng kalayaan at pagbabago sa lipunan. Naging daan din ito sa paglawak ng mga prinsipyong rebolusyonaryo sa France at sa isang madugong himagsikan noong 1789. Itinuturing na mas malaki ang naiwang epekto ng Himagsikan sa France sa kabuuan ng Europa at iba pang panig ng mundo sa dahilang iniwan nito ang tatlong mahahalagang prinsipyo ng pagbubuo ng isang nasyon-esta-

## REBOLUSYONG AMERIKANO:

### SANHI, KARANASAN AT IMPLIKASYON

Ang digmaan para sa kalayaan sa *America* ay lalong kilala sa katawagang Rebolusyong Amerikano. Nagsimula ang himagsikan nang ang mga Ingles na naging mga migrante sa Timog Amerika ay nagrebelde sa labis na pagbubuwis na ipinataw sa kanila ng Parliamentong Ingles dahil wala silang kinatawan sa Parliamento upang sabihin ang kanilang mga hinaing.

Nagdeklara sila ng paglaya sa mga Ingles noong 1776. Pagkatapos ay nagbuo sila ng isang malakas na hukbo na magiging tagapagtanggol sa *British*. Ang Digmaan para sa kalayaan ang naging dahilan ng pagbubuo ng *United States of America*.

### DAHILAN

**Walang Pagbubuwis Kung Walang Representasyon**

Ang kanilang naging paboritong islogan ay ang" walang pagbubuwis kung walang representasyon".

- **Boston Tea Party** – tawag sa pangyayari noong 1773 na kung saan tone-toneladang tsaa sa pantalan ng *Boston harbor* sa *Massachusetts* ang itinapon ng isang pangkat ng mga kolonistang Amerikano bilang pagprotesta sa ipinataw na buwis sa tsaa na inaangkat sa mga kolonya.
- Ang *Stamp Act* na ipinasa ng Parliamento noong 1765 ay nagdagdag ng buwis para sa pamahalaan ng Britanya. Naisagawa ito sa pamamagitan ng paglalagay ng mga selyo sa anumang produkto na dadalhin sa Britanya mula sa mga kolonya.

**Ang Unang Kongresong Kontinental**

- ✓ Ang pagpupulong na ito at pagsasama-sama ng mga kolonya ay isang pagpapakilala ng kanilang paglaban sa mga batas at polisiyang ipinatutupad ng mga Ingles sa kanila.
- ✓ Binigyang diin ng grupo na sa pagkakataong iyon mula sa isang kilalang kinatawan na si **Patrick Henry**, na wala nang dapat makitang pagkakaiba ang isang taga-Virginia, Pennsylvania, New York at New England.

**Ang Pagsisimula ng Digmaan**

Noong Abril 1775 nagpadala ang Britanya ng tropa ng mga sundalo sa Boston upang kunin nang puwersahan ang isang tindahan ng pulbura sa bayan ng Concord.

- **Paul Revere** - isang Amerikanong panday na naging kasangkapan upang malaman ng mga tao na may paparating na mga sundalong British.

Nagpalitan ng putukan ang magkabilang pangkat hanggang walong Amerikano ang napatay. Dito na nagpasimula ang Digmaan para sa kalayaan ng mga Amerikano.

*(pagpapatuloy …)*

**Ang Ikalawang Kongresong Kontinental**

Ang Kongresong Kontinental ay muling nagpulong sa ikalawang pagkakataon noong Mayo, 1775 at idineklara ang pamahalaan na tinawag nilang "*United Colonies of America*" (Pinagbuklod na mga Kolonya ng Amerika). Ang hukbo ng mga militar ay tinawag na "*Continental Army*" at ang naatasan na *commander-in-chief* ay si **George Washington**. Sinubukan ng hukbong militar na makuha ang Boston nguni't natalo sila sa Digmaan sa *Bunker Hill*.

**Ang Deklarasyon ng Kalayaan**

Noong Hunyo 1776 ay nagpadala ng malaking tropa ang Britanya sa Atlantiko upang tuluyang durugin at pahinain ang pwersang Amerikano. Upang matugunan ang ganitong pangyayari ay minarapat ng Kongresong Kontinental na aprubahan ang Deklarasyon ng Kalyaan noong Hulyo 4. Angdokumento ay isinulat halos ni **Thomas Jefferson**, isang manananggol. Binigyang-diin ng dokumento na ang *dating mga kolonya ay di kasalukuyang teritoryo ng Britanya.*

**Pagtulong ng mga Pranses sa Labanan**

Ang bansang France ay tradisyunal na kalaban ng British at ang mga French ay naging lihim na taga-suporta ng mga rebeldeng Amerikano simula pa lamang ng labanan. Noon pang 1778 ay nagsimula ng bigyan ng pagkilala ng pamahalaang Pranses ang *United States of America* bilang isang malayang bansa. Nagpadala sila ng mga bapor pandigma upang matulungan ang mga Amerikano sa kanilang pakikipaglaban sa mga British.

**Ang Kalagayan ng Lipunang Pranses noong 1789**

Simula ng taong 1789 ang France ay pinaghaharian ni **Haring Louis XVI**, isang Bourbon na ang pamumuno ay absoluto. Ang absolutong hari ay itinuturing na makapangyarihang pinuno ng isang nasyon sapagkat ang kanilang ginagamit na basehan sa kanilang pamumuno ay ang *divine right theory*. Ito ay ang paniniwala na ang kapangyarihan ng isang hari ay nagmula sa kanilang mga diyos para pamunuan ang bansa.

**Kalayaan, Pagkapantay-pantay at Kapatiran**

Taong 1789 nang ang *Constituent Assembly*, ang bagong katawagan sa Asembleyang Nasyonal ay nakapagpalabas ng isang bagong saligang-batas. Ang pambungad na pananalita ng saligang-batas ay tungkol sa Deklarasyon ng mga Karapatang Pantao at Mamamayan. Binigyang-diin nito na ang lipunang Pranses na kinakailangang nababatay sa mga ideya ng kalayaan, pagkapantay-pantay at kapatiran.

Makalipas ang dalawang taon, Setyembre 1791, ay lubusang napapayag si Louis XVI na pamahalaan ang Pransiya sa pamamagitan ng bagong saligang-batas. Ang kapangyarihan ng mga nasa Simbahan at ng mga maharlika ay nabawasan din at ang halalan para sa Asembleyang bubuo ng mga batas ay idinaos.

**Ang Pagsiklab ng Rebolusyon**

Maraming mga monarko sa Europa ang labis na naapektuhan sa pagsiklab ng *French Revolution*. Natakot silang ang ganoong uri ng rebolusyon ay lumaganap sa kanilang mga kaharian at pinangangasiwaan.

GOVERNME
NOT FOR

*(pagpapatuloy …)*

Noong taong 1792 ay nagpadala ang *Austria* at *Prussia* ng mga sundalong tutulong upang talunin ang mga rebolusyonaryong Pranses. Sa mahabang panahon ng pakikipaglaban ay tinalo ng mga rebolusyonaryo ang mga sundalong tumulong upang sila'y patigilin.

Ang rebolusyon ay lalong naging malakas at malaki sa pamamagitan ng pamumuno ng isang abogadong nagngangalang **Georges Danton**.

Pinagsususpetsahan ng mga rebolusyonaryo na posibleng ang mga *noble* ng *France* ay bumubuo ng alyansa sa iba pang mga bansa sa Europa upang muling ibalik ang kapangyarihan ng hari at tapusin ang rebolusyong pinasimulan. Dahil dito ay hinuli nila ang hari at ang mga sumusuporta sa kanya ay pinatay sa pamamagitan ng paggamit ng *guillotine*.

Tinawag ang pangyayaring ito sa Pransiya bilang *September Massacres*. Noong Enero 1793 ay napugutan naman ng ulo ang haring si Louis XVI. Sa taong ding iyon ay sinunod naman nila si **Reyna Marie Antoinette**. Dahil sa mga sunod-sunod nitong pangyayari ay idineklarang isang Republika ang Pransiya.

- **Napoleon Bonaparte** – pinakapopular at matagumpay na heneral na nahirang pinuno ng France noong 1799.
  - Sa panahon ng kanyang pamumuno ay nasakop niya ang malaking bahagi ng Europa at kinilalang *Emperor Napoleon I* noong 1804.

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**PANGKALAHATANG PANUTO:** Gawin ang mga sumusunod na gawain.

**Gawain 1. PAGPAPALIWANAG/SANAYSAY**

*(Krayteriya: Nilalaman 60%, Organisasyon 30%, Kalinisan 10%)*

- Basi sa iyong kaalaman sa nabasang teksto, paano mo maiugnay ang Rebolusyong Pangkaisipan sa Rebolusyong Amerikano at Pranses?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Ga**…

**PANUTO:** Gamit ang kasunod na dayagram, tukuyin ang hinihinging mga impormasyon ayon sa iyong pagkaunawa.

| REBOLUSYONG AMERIKANO | | REBOLUSYONG PRANSES |
|---|---|---|

GOVERNMENT PROPERTY NOT FOR SALE

**PAANO NAGKAKATULAD?**

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**PAANO NAGKAKAKAIBA?**

| REBOLUSYONG AMERIKANO | ASPETO | REBOLUSYONG PRANSES |
|---|---|---|
| | MGA DAHILAN | |
| | MG SANGKOT NA AKTOR | |
| | DALOY NG PANGYAYARI | |
| | BUNGA O IMPLIKASYON | |
| | SALOOBIN TUNGKOL SA PANGYAYARI | |



## *Paglalahat / Repleksyon*

PANUTO: Sumulat ng maikling repleksyon tungkol sa iyong mga natutuhan at reyalisasyon tungkol sa aralin. Gumamit ng ekstrang sulatang papel.

*(Krayteriya: Nilalaman 60%, Organisasyon 30%, Kalinisan 10%)*

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______

## *Panapos na Pagtataya*

**PANUTO:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang tamang titik na tumutukoy sa tumpak na kasagutan. Isulat sa sagutang papel ang iyong mga sagot.

GOVERNMENT PRO
NOT FOR

______ 1) Matagal nang may alitang politikal ang mga bansang France at England. Nang mag simula ang Rebolusyong Amerikano, nagpadala ng tulong military ang France sa United States na malaki ang naitulong sa pananagumpay ng huli. Batay dito, ano ang pinakaangkop na hinuha ang mabubuo?

A. Magkakampi ang France at United States.
B. Magkasabay na nilalabanan ng England ang United States at France.
C. Galit ang France sa ginawang pananakop ng England sa United States.
D. Ginamit na pagkakataon ng France ang Rebolusyong Amerikano upang mapa bagsak ang England.

______ 2) Alin sa sumusunod ang pangunahing epekto ng Rebolusyong Pranses?


A. Pagtanggal ng sistemang piyudal.
B. Pagpirma ng "Deklarasyon ng karapatan ng Tao."
C. Paglansag ng monarkiya at pagtatayo ng republika.
D. Paglawak ng ideyang kalayaan, pakakapantay-pantay, at pagkakapatiran.

______ 3) Marami ang nangyari bago sumiklab ang Rebolusyong Amerikano. Ilan sa mga ito ay ang pag-alma ng mga Amerikano sa lumalaking buwis na ipinataw ng mga Ingles tulad ng Stamp Act noong 1765. Idagdag pa rito ang kaparusahang ipinataw sa naging bahagi ng insidente ng Boston Tea Party ng taong 1773 at ang sapilitang pagkuha ng pamahalaang Inglatera sa isang tindahan ng pulbura noong 1775. Ang mga ito ay nagpapatunay lamang na ang Rebolusyong Amerikano ay…

A. Bunsod ng malaking buwis na ipinataw ng Inglatera
B. Bunga ng ilang paglaban ng mga Amerikano sa pamahalaang Ingles
C. Mauugat sa mga polisiyang hindi makatuwiran sa paningin ng mga Amerikano
D. Bunga ng mahabang kasaysayan ng pang-aabuso ng mananakop at paglaban ng kolonya

______ 4) Ang cartoon sa ibaba ay kumakatawan sa mga estado sa America. Ano ang mensaheng ipinakikita nito kung nangyari ito sa panahon ng rebolusyon laban sa British?

A. Kailangang maging matalino sa paglaban tulad ng isang ahas
B. Pagkakaisa ang susi upang magtagumpay sa laban.
C. Walang maaapi kung walang nagpapaapi.
D. Mag-ingat sa British na kawangis ng ahas.




______ 5) Naisakatuparan ang Rebolusyong Politikal matapos umusbong ang mga kaisipang liberal at radikal sa daigdig. Ano ang ugnayan ng Rebolusyong Pangkaisipan sa Rebolusyong Politikal?

A. Ang Rebolusyong Politkal ang naging sanhi ng paglaganap ng Rebolusyong Pangkaisipan.
B. Ang Rebolusyong Pangkaisipan at Politikal ay bunga na lamang ng Renaissance sa Europe.
C. Walang direktang ugnayan ang Rebolusyong Politikal at rebolusyong Pangkaisipan.
D. Ang Rebolusyong Pangkaisipan ang nagtulak sa pag-usbong ng Rebolusyong Politikal.

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

Unawain at suriin ang sumusunod na ilustrasyon. Sagutin ang kasunod na katanungan.

| SANHI | | BUNGA |
|---|---|---|
| *Korapsyon<br>*Malawakang Dayaan sa Snap Election<br>*Human Rights Violation<br>*Pagkamatay ni Ninoy Aquino | **EDSA REVOLUTION** | *Pagpapatalsik kay Marcos<br>*Pagluklok kay Corazon Aquino bilang pangulo |
| *Paniningil ng mataas na buwis<br>*Stamp Act<br>*Boston Tea Party | **REBOLUSYONG AMERIKANO** | *Pagkamatay ng mga sundalo at sibilyan<br>*Paglaya ng United States mula sa Great Britain |
| *Malawakang kahirapan<br>*Paniningil ng mataas na buwis<br>*Pang-aabuso sa mga mamamayan ng may kapangyarihan | **REBOLUSYONG PRANSES** | *Pagkalat ng ideyang liberal<br>*Pagkamatay ng maraming mamamayan<br>*Pagpapatalsik sa hari o monarko |

______ 6) Batay sa ilustrasyon, ano ang idinudulot ng rebolusyon?

I. Napapalitan ang pinuno ng isang bansa.
II. Higit na humihirap ang mga mamamayan.
III. Nag-uugat ito sa maling pamamahala.
IV. Pagbabago ng isang lipunan.

A. I, III B. II, III C. I, II D. I, IV

______ 7) Gamit ang ilustrasyon, ano ang mabubuo mong paglalahad tungkol sa rebolusyon?

A. Ang rebolusyon ay nag-uugat sa iba't-ibang salik.
B. Kahirapan ang pangunahing dahilan ng isang rebolusyon.
C. Hindi malinaw ang nagiging bunga o epekto ng rebolusyon.
D. Ang rebolusyon ay naranasan ng lahat ng bansa sa daigdig.

______ 8) Alin sa sumusunod ang pangunahing epekto ng Rebolusyong Pranses?

A. Pagtanggal ng sistemang piyudal.
B. Pagpirma ng "Deklarasyon ng karapatan ng Tao."
C. Paglansag ng monarkiya at pagtatayo ng republika.
D. Paglawak ng ideyang kalayaan, pakakapantay-pantay, at pagkakapatiran.

______ 9) Ang mga sumusunod ay paghahati ng kapangyarihan ng pamahalaan sa tatlong sangay na mas kinilala ang kaisipang *balance of power* ayon kay Montesquieu na ang ganitong uri ng pamahalaan ay magbibigay ng proteksiyon sa mamamayan laban sa pang-aabuso ng kapangyarihan ng pamahalaan Maliban sa isa:

A. Ehekutibo B. Hudikatura C. Lehislatura D. Monarkiya



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

_____ 10) Ano ang kahalagahan ng mataas na antas ng edukasyon sa isang bansa?

A. Magandang negosyo ang mga pampribadong paaralan na napagkukunan ng buwis ng pamahalaan.

B. Pinagaganda ang imahe ng bansa kapag ito ay may mataas na bahagdan ng edukadong mamamayan.

C. Ito ay nagsisilbing instrumento sa pagsulong ng nasyonalismo at interes ng bansa.

D. Pinalalaki nito ang opurtunidad ng mga tao na mangibang bansa.

## *Susi sa Pagwawasto*

| PAUNANG PAGTATAYA |
| --- |
| 1) Boston Tea Party |
| 2) Battle of Bunker Hill |
| 3) Napoleon Bonaparte |
| 4) Thomas Jefferson |
| 5) George Washington |
| 6) A |
| 7) D |
| 8) B |
| 9) B |
| 10) D |

| PANGHULING PAGTATAYA |
| --- |
| 1) D |
| 2) B |
| 3) A |
| 4) C |
| 5) D |
| 6) D |
| 7) A |
| 8) B |
| 9) D |
| 10) C |

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sanggunian**

A. Books

- ✓ Teofista L. Vivar et al, Kasaysayan ng Daigdig, SD Publications, Inc., G. Araneta Avenue 1107 Quezon City, Philippines, pp. 371-433.

B. Illustrations

- ✓ Microsoft ® Encarta ® 2009. © 1993-2008 Microsoft Corporation. All rights reserved

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE